Doktrina at mga Tipan 10–11

PEBRERO 1–7


# Paano pinagpapala ng karunungan ng Panginoon ang ating buhay?

Nang maiwala ni Martin Harris ang 116 pahina ng manuskrito ng Aklat ni Mormon, sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith na, "Tandaan na hindi ang gawain ng Diyos ang nabibigo, kundi ang gawain ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 3:3).

Tingnan ang pahang ito para makita kung paano ginawan ng paraan ng Panginoon ang mga pahina na alam Niyang mawawala.

**600 B.C—Talaan ni Nephi**
Binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Nephi na sumulat ng pangalawang talaan (ang maliliit na lamina ni Nephi). Hindi niya nauunawaan noon kung bakit, ngunit may pananampalataya si Nephi na ito ay "dahil sa isang matalinong layunin" (1 Nephi 9:5).






**400 A.D.—Pagpapaikli ni Mormon**
Binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Mormon na isama ang maliliit na lamina ni Nephi sa kanyang pagpapaikli ng malalaking lamina ni Nephi. Bagama't kasama sa parehong mga lamina ang karamihan sa magkaparehong mga materyal, nanalig rin siya na iyon ay "para sa isang matalinong layunin" (Mga Salita ni Mormon 1:7).



**1828–29—Paghahayag sa Joseph Smith**
Sinabi ng Panginoon kay Joseph na huwag nang muling isalin ang nawawalang 116 pahina dahil "inilagay ito ni Satanas sa puso [ng masasamang tao] upang baguhin ang mga salita" upang siraan ang gawa ni Joseph (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 10:10–13). Ang nawawalang mga pahina at ang maliliit na lamina ay sumasaklaw sa parehong kapanahunan (600–130 B.C.)

**2021—Naghahanda ang Panginoon ng Paraan**
Tulad ng ginawa ng Diyos para sa nawawalang mga pahina, naghanda Siya ngayon ng mga paraan para hadlangan ang mga pagsisikap ni Satanas na pahinain ang ating pananampalataya. Ang ating tungkulin ay maging "matapat at magpatuloy" upang "ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa [atin]" (Doktrina at mga Tipan 10:3, 69).

**TALAKAYAN**
Paano tinutumbasan ng karunungan ng Panginoon ang inyong mga kahinaan o pagkakamali? Kailan mo nakitang pinagpapala ng Kanyang karunungan ang iyong buhay?



MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH